







KILALANIN SI RORY!

# Pagsunod kay Jesus sa Northern Ireland





## Paano Sinusunod ni Rory si Jesus

Tinutulungan ni Rory ang kanyang pamilya na linisin ang kanilang bahay. Para sa kanya masayang maghugas ng mga pinggan. "Talagang abala si Inay sa pag-aalaga sa limang anak at pag-aaral para sa kanyang university degree," sabi ni Rory. "Kaya kung gagawin ko ang isang bagay na karaniwan niyang gagawin, makakapagpahinga siya."

Ang pag-alo sa iba ay isa pang paraan ng pagsunod ni Rory kay Jesucristo. Kamakailan ay sumali ang maliit na kapatid niyang babae sa isang bagong youth club. Kinabahan siyang magpunta sa unang pagkakataon. Inalo siya ni Rory at sinabihan na magiging maayos ang lahat. "Gusto ko siyang tulungan para maging masaya siya tulad ko noong magpunta ako," sabi niya. "Gumanda ang pakiramdam ko batid na napasaya ko siya."

### Maaari Mo Ring Sundin si Jesus!

Ano ang nagawa mo para sundin si Jesus? Isulat at ikuwento sa amin! Pumunta sa pabalat sa likod para makita kung paano.




## Tungkol kay Rory

**EDAD:** 10

**MULA SA:** Country Antrim, Northern Ireland

**WIKA:** Ingles

**MITHIIN:** 1) Maging football player. 2) Magmisyon.

**MGA LIBANGAN:** Paglalaro ng football, mga board game, at mga card game

**PAMILYA:** Inay, Itay, tatlong kapatid na lalaki, at isang kapatid na babae

## Mga Paborito ni Rory

**KUWENTO SA AKLAT NI MORMON:** Pagprotekta ni Ammon sa mga tupa ng hari (tingnan sa Alma 17)

**TRADISYON NG PAMILYA:** Pagsusuot ng magkakaternong pajama sa Pasko

**PRUTAS:** Pinya

**KULAY:** Asul

**AWITIN SA PRIMARY:** "Katotohanan N'ya'y Dadalhin Natin sa Mundo" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 92–93)